



ESTADO NG HAWAII
DEPARTAMENTO NG EDUKASYON
P.O. Box 2360
Honolulu, HI 96804

Oktubre 12, 2020

Mahal Naming Mga Magulang at Tagapag-alaga,

Natapos nang repasuhin ng Departamento ng Edukasyon sa Estado ng Hawaii o Hawaii State Department of Education (HIDOE) ang kurikulum na online na ang tawag ay Acellus Learning Accelerator. Ang dahilan ng pagrepaso ay ang reklamo ng maraming magulang, paaralan at komunidad dahil din sa mga kaduda-duda at hindi naaangkop na nilalaman nito, di kaaya-aya sa mag-aaral at di umaayon sa pamantayan.

Batay sa grupo na sumuri, inirekomenda nito na ipatigil ang programa nilang pangunahing pagmumulan ng aralin dahil may nilalaman nito na kulang sa kalidad at di nakapagbibigay ng lubos na kaaya-ayang pagtuturo. Kinikilala rin ng HIDOE na ang kurikulum ay mayroon ding nilalaman na tama at sumasang-ayon sa pamantayan, sa gayun ay makikipagtulungan ang HIDOE para matukoy ang mga ito at magamit ang mga ito, nang nararapat.

Noong panahon ng tag-araw (summer), upang maihatid agad ang serbisyo, naialok ang Acellus sa mga pamilya na nag-aalintana na papasukin ang kanilang mga anak sa paaralan sa pagbubukas ng mga paaralan. Ginamit din ito ng mga paaralan bilang karagdang pagmumulan ng aralin na susuporta sa distance learning o pag-aaral ng mga bata habang sila ay nasa kanilang mga tahanan sa panahon ng pandemya. Kami ay naniniwala na marami pa ring mga magulang ang hihiling ng sapat na distance learning ano pa man ang klase ng pagtuturo na sinusunod ng kanilang paaralan.

Tinatapos na ng Departamento ang plano ng pagbabago para sa mga gumagamit ng Acellus.

Para sa mga estudyante sa sekundarya na nag-iipon ng kredito sa pamamagitan ng paggamit nila ng programang ito upang sila ay makatapos sa pag-aaral, ayaw ng Departamento na pigilin ang pag-unlad ng mga estudyanteng ito. Ang mga suliranin ay aayusin ng mga paaralang sekundarya sa tulong ng mga magulang upang matulungan ang mga estudyante sa loob ng buong taong-pampaaralan. Para sa mga mag-aaral sa elementarya, ginagawa namin ang lahat upang matugunan ang mga pangangailangan ng mga pamilya na may mga anak na nag-aaral sa pamamagitan ng distance learning.

Maliwanag na ang isyu na ito ay nagbunga ng pagkaantala ng pag-aaral ng mga bata, at kami po ay humihingi ng inyong paumanhin. Ginagawa namin ang mga hakbang upang masuportahan ang mga estudyante sa paraan na di na sana maantala nang ganito ang kanilang pag-aaral. Gusto kong ipasigurado sa inyo na nakatuon kami sa pinakamabuluhan na karanasan sa pag-aaral na maaari naming ibigay lalo na sa panahong ito na tayo ay nakaharap sa mga pagsubok.

Lubos na gumagalang,

Dr. Christina M. Kishimoto
Superintendente

CMK:nk

NAGPATPATRABAHO NA WALANG KINIKILINGAN AT NAG-AALOK NG PATAS NA OPORTUNIDAD